# ABANDONADO

Kasaysayan ni
JOSE DE CORDOVA
Sinulat ni
RINO BERMUDEZ

(Ika-18 Na Labas)

HABANG nalalapit si Virgilio sa kanila, ay parang napupugto ang kanyang hininga, samantalong patuloy ang walang tigil na pagdaloy ng luha sa kanyang mga mata. Malayo pa'y natatanaw na niya ang kanilang bahay na mistulang libingan sa kanyang paningin; ang mga durungawang dati'y palaging bukas, ngayon ay pawang nakapinid na.

Nasa hagdan pa lamang ay pasigaw nang tumawag si Virgilio, na agad namang dinungaw ni Puring. Nabigla pa si Puring nang makita ang kanyang kuya.

—Kuya! —pasigaw na nabigkas ni Puring. —Ate.... ate.... eto na ang kuya! —pagkatapos ay dalidali nitong binuksan ang pinto.

Buhat sa kusina ay patakbo namang sumalubong si Flora sa kapatid, na nuon ay pumapanhik na sa hagdan. Kasunod niya ang dalawa pang kapatid na maliliit.

—Virgilio! —ang salubong ni Flora, na hindi na naipagpatuloy pa ang ibang sasabihin, pagka't napahagulgol na ng panangis.

Si Virgilio man ay hindi rin nakapangusap. Niyakap na lamang ng buong higpit ang kanyang mga kapatid, na pawang nagsisitangis. Mahabang saglit ang namagitan sa kanilang lahat na sinuman ay walang umiimik. Mga impit na hikbi at malalalim na buntonghininga ang tanging maririnig sa loob ng tahanan.

—Ate, patawarin mo ako, —gumagaralgal ang tinig na simula ni Virgilio. —Hindi ko akalaing ang nanay ay hindi ko na aabutin... Tulungan mo ako, ate, na humingi ng tawad sa kanyang kaluluwa.

Ang dating sugat ng damdamin at pagdadalamhati ni Flora na untiunti na sanang naghihilom ay nanariwang muli. Pinipilit sana niyang pigilin ang kanyang pagluha, subali't lalo lamang siyang naiiyak habang naririnig ang pagtangis at paghihimutok ng kanyang mga kapatid.

—Tulungan mo ako, ate, sa paghingi ng tawad, —lumuluha pa ring wika ni Virgilio. —Malaking pagkukulang ang nagawa ko sa nanay!

—Pinatawad ka na ng nanay, bago siya namatay.... —tugon ni Flora, habang hinahagod ang ulo ng kapatid, —alam niyang kaya ka lumayo ay dahil din sa kabutihan nating lahat.

Hindi umimik si Virgilio, nguni't isaisa niyang tinanaw ang maliliit na kapatid na nakayapos sa kanya. Pahimutok siyang naiiling na parang sinisisi ang kanyang sarili, sa nagawa niyang paglayo sa kanyang mga minamahal.

—Sige na, —ang baling na wika ni Virgilio sa maliliit na kapatid, —maglaro na kayo sa lupa.

—Ipaghahain kita, kuya, kumain ka, ha? —alok ni Puring kay Virgilio, habang papanaog sa hagdan sina Berting at Cyntia.

—Oo, Puring; hindi nga ako nakakain sa biyahe e, —sagot naman ni Virgilio.

—Ate, —ang baling ni Virgilio kay Flora, saka dinukot ang kuwaltang ibinigay sa kanya ni Ben, —eto ang kaunting naipon ko.... bahala ka na diyan.

—Mabuti naman at may maihuhulog tayo sa Banko. —nasisiyahang wika ni Flora, matapos bilangin ang kuwaltang inilagay ng kapatid sa kanyang mga palad.

—Sa Banko? Bakit? —patakang tanong ni Virigilio.

—Isinanla pala ng tatay itong ating lupa't bahay. Sang-ayon sa dalaawng tauhan ng Banko na nagsiyasat dito sa atin, e baka maiilit ito pagka't hindi nakababayad ang tatay ng kaukulang hulog, —paliwanag ni Flora.

Hindi nakakibo si Virgilio, nguni't sa pagtitiim ng kanyang mga bagang ay maliwanag na nasisinag ang panibagong poot niya sa kanilang ama.

—Halika na, kuya, —biglang tawag ni Puring, nang nakahanda na ang pagkain.

—Sige, kumain ka na na muna.

(Sundan sa pahina 95)



wigan — ipakikilala kita sa aking ina — at pakakasal tayo sa lalong madaling panahon!

(ITUTULOY)

## CRISTINA...

(Buhat sa pahina 68)

ay nag-aaral siya sa Centro Escolar University. Noong una ay ayaw ni Cristinang mag-artista, subali't dahil sa himok ni Gerry de Leon ay napahinuhod na rin siya. Sadyang mapalad si Cristina, sapagka't sa kanyang kauna-unahang paglabas sa pelikula ay hindi na siya naging ekstra o bit player, kaya, kundi isang ganap na bituin na katambal si Leopoldo Salcedo, sa pelikulang "Saigon". Ang pelikulang ito ay kuhang lahat sa Vietnam.

Kung sa sukatan sa pagtatagumpay ng isang bituin ay ang kanyang anyo, tindig, kilos at pagbigkas ng salita, walang alinlangang si Cristina Pacheco ang nakatutugon sa sukatan iyan.

## RUDY...

(Buhat sa pahina 50)

ikapat, sa mga hukuman, sapagka't sa mga sandaling iyon, kung siya'y wala sa tatlong unang aming binanggit, siya'y maaaring nakikipagbalitaktakan sa ibang manananggol.

Nguni't huwag naman ninyong hinalaing si Rudy ay wala nang ibang pook na nararating kundi ang aming mga tinuran. Madalas siyang sumama kina Dr. at Gng. Jose Perez, kasama ng iba pang mga bituin, sa pagliliwaliw sa iba't ibang magaganda at makasaysayang pook dito sa Pilipinas. •

BIBIGYAN namin ng isang magandang *tip* ang kadalagahan. Kapag tinanong ang isang lalaking bituin, laluna kung ang nagtatanong ay isang babae, kung ang bituing iyon ay binata pa o may pananagutan na sa buhay, ang tiyak na isasagot ay *wala pa!* Mayroon din namang mga nagtatapat ng katotohanang hinggil sa kanilang katayuan sa buhay. Nguni't yaon ang mga bituing hindi na maikaila ang tungkol sa kanilang katayuan sa buhay. Hinggil kay Rudy Francisco, kami ang gumagarantiya na siya'y isang abugado at artistang binatang-binata. Nguni't saliwa naman ang ginagawa ni Rudy. Tuwing may magtatanong sa kanya, kung siya'y binata pa o may pananagutan na, ang sinasabi niya'y may pananagutan na siya, saka niya ngingitian ang nagtatanong sa kanya. Iya'y pagbibiro lamang ni Rudy.

ISANG magandang katotohanan pa ang mawiwika natin kay Rudy Francisco. Maaaring hinalain nating si Rudy ay marami ng salapi ngayon. Maaari nating sabihin iyan, sapagka't bukod sa siya'y isang taong titulado, siya'y isa pa ring bituin sa pinilakang tabing. Nguni't magkakamali tayo. Sapagka't sa palagay namin, si Rudy ay hindi magiging mayaman. Para sa kanya, ang salapi ay pabango lamang sa buhay ng isang tao. Halimbawa, sa kanya, higit ang kahalagahan ng pagtulong kaysa sa salapi. Kahi't walang ibabayad, ang isang kliyente ay kanyang ipinagtatanggol. Hindi niya inaalagata kung masusulit ang pagod niya sa pamamagitan ng salaping ibabayad sa kanya ng kanyang ipagtatanggol. Iya'y prinsipyo sa buhay ng isang taong kahanga-hanga.

SA PAGIGING asiwang lagi sa kanyang dalawang propesyon, paano mapag-uukulan ng panahon ni Rudy ang tungkol sa suliranin ng kanyang puso? Iyan kaipala ang dahilan kung bakit hanggang ngayon, siya'y isa pa ring binatang may layang humanap ng babaing inaakala niyang karapat-dapat mag-ingat ng kanyang pangalan at karangalan.

Kung sa bagay, natitiyak na rin naming isa kayo sa mga nakababatid na si Rudy ay naghahain ng pag-ibig kay Gloria Romero. Kung totoo, o hindi ang balitang iyan, siyang hindi namin masasabi. Ang kalahati ay maaaring totoo, at ang natitira pang kalahati ay maaaring hindi. Sa ibang kahulugan, ang hula ninyo, o ang paniwala ninyo, ay kasing-husay na rin ng sa amin.

Nguni't isang bagay ang aming titiyakin: nakaharap sa walang kahulilip na kaligayahan ang sinumang babaing magiging kabiyak ng puso ni Rudy Francisco. Nasa kanya na yata ang lahat nang katangiang maaaring hanapin ng isang babae sa isang lalaking nanaisin niyang maging katali ng buhay: mabait, maginoo, walang bisyo, mapitagan, mabini, titulado, bantog na artista, mapagkawanggawa sa kapuwa, mahabagin sa mahihirap, kaibigan ng lahat, mabuting makisama, at... naku, siguradong walang katapusan ito, kung isasalaysay namin ang lahat ng katangian ni Rudy Francisco. Ang lahat ng kanyang mga katangian ay sa iisang paraan na lamang namin sasabihin: siya'y isang mabuting Kristiyano!

—WAKAS—

## ABANDONADO

(Buhat sa pahina 42)

—amuki naman ni Flora.

Pagkatapos kumain, si Virgilio ay hindi na nagpahinga. Nagpaalam siya sa kanyang mga kapatid, idinahilang titingnan niya ang lupang inaalok sa kanya ng isang may bukid upang bungkalin. Wala siyang binanggit na anuman tungkol sa nangyaring pagkikita ni Ben, at sa mga bagay na kanilang pinagkayarian.

Ang pag-uwi ni Virgilio at ang hindi pagkakatanggap sa kanya sa pagsusundalo, ay nakapagpatiwasay sa kalooban ni Flora. Anuman ngayon ang mangyari ay hindi na siya lubhang nag-aalaala pagka't magkakasama na silang magkakapatid.

Patuloy ang matuling takbo ng mga araw. Bawa't sandaling magdaan ay nakakatumbas ng isang butil na ginto sa ganang kay Virgilio, na walang sinasayang na araw sa paghahanda ng bukid na ipinagkatiwala sa kanya ni Ben.

—Kung may panahon naman si Ben, siya'y lihim ding tumutulong kay Virgilio sa paghahanda na lupa, upang huwag gahulin, sa hinaharap na taniman.

Si Flora, na kadalasa'y siyang naghahatid ng pagkain kay Virgilio, upang ito'y huwag nang maabala sa gawain, ay wala pa ring kamalayan sa pagiging magkasama ng kanyang kapatid at ni Ben. Nasisiyahan na siya sa kasalukuyang takbo ng kanilang pamumuhay. Hindi na sila gaanong nagdadahop ngayon, pagka't madalas na siyang binibigyan ni Virgilio ng kailangang gugulin sa bahay, kahit na hindi siya dumaraing sa kapatid. Kung usisain naman niya si Virgilio, tungkol sa pinagkukunan ng kuwaltang iniuuwi nito, walang laging isinasagot ang kanyang kapatid, kundi inuutang daw sa kanyang kasama o pinagbibilhan kaya ng kanyang mga pananim na gulay.

Ang mga dating utang nila ay unti-unti nang nabayaran ni Flora, at naipagpapatuloy na rin nila ang pagbabayad ng kaukulang hulog sa Banko.

Lalo pang nalugod si Flora, nang sabihin sa kanya ni aling Clara,

(Sundan sa pahina 102)


KAIBIG-IBIG, KAHALIHALINANG KUTIS NA NAG-AANYAYA NG ROMANSA




Gawing sariwa makinis at kaibig-ibig ang inyong balat sa pamamagitan ng ORCHID FACE POWDER na tutugon sa kanyang puso.

*Mabibili sa lahat ng basar at tindahan.*

## ABANDONADO

(Buhat sa pahina 95)

nang minsan siyang maghatid ng labada, na ang salaping inutang niya na ginugol sa pagkamatay ng kanilang ina, ay kusang-loob nang iniaabuloy sa kanya ng butihing ginang. Wala siyang kamalay-malay na nabayaran na rin ni Ben ang salaping yaon, ayon sa lihim na pakikipagkasundo nito kay aling Clara.

Binabalak na sana ni Flora, na tigilan ang kanyang paglalabada, yamang maluwag namang nakautang si Virgilio sa kasama nito, at upang maiukol ang kanyang panahon sa kanyang mga kapatid at sa ibang gawaing-bahay; nguni't dahil sa kagandahang-loob ni aling Clara, ang kanyang balak na pagtigil ay hindi niya nagawa.

Sa kabila ng lahat, ang bahagyang kaluwagan sa buhay na nalalasap ngayon ng magkakapatid ay naipagpapasalamat ni Flora sa kabutihan ng bagong kasama ni Virgilio, na hindi niya nalalamang yao'y si Ben.

At minsang magbisita si Ben kina Flora, hindi kinukusa ay nauwi ang kanilang pag-uusap sa lupang sinasaka ni Virigilio, na kaharap din sa pagkakataong yaon.

—Talaga namang napakabuti ang bagong kasama ngayon ni Virgilio, —papuring wika ni Flora, subali't ang hindi niya napansin, ay ang lihim na pagsusulyapan nina Virgilio at Ben. —Bihirang makatagpo ang isang magbubukid ng gayong kasama.

—E, sino ba iyong bagong kasama ngayon ni Virgilio? —tanong ni Ben, na tila sinusubok niya, kung may higing na si Flora, tungkol sa kanilang dalawa ni Virgilio.

—Aba, e, ewan ko ba diyan kay Virgilio, —palagay ang loob na sagot ni Flora, —hangga ngayon e hindi ko pa rin nakakausap o nakakaharap kung sino iyon.

—Hindi ninyo siya makikilala kung sabihin ko man sa inyo, —agaw naman ni Virgilio. —Hindi siya taganito sa atin. Kung kailan lamang niya nabili ang lupang ipinasasaka sa akin e, —patapos na wika nito at saka lihim na namang tumingin kay Ben, na nangiti naman ng bahagya.

—Madalas ko ngang niyayaya itong si Virigilio, na sadyain naming minsan ang kanyang kasama upang pasalamatan o hatdan kaya ng kaunting bunga ng halaman, nguni't ayaw naman akong samahan nito e, —paliwanag ni Flora.

—Papano naman ang gagawin ko, ate, —wika ni Virgilio, —alam mo namang abalang-abala ako sa bukid.

—Siyanga naman, Flora, —may himig pagpapatibay na wika ni Ben, pagka't nag-aalaala din siya, na baka mapilit nito si Virgilio sa tangkang pagdalaw sa kasama ng kanyang kapatid, —pasasaan ba't di magkikita rin kayo ng kanyang kasama.

Natapos ang kanilang paguusap, na ni bahid ng paghihinala ay hindi nagkaroon si Flora, hinggil sa lihim nina Ben at Virgilio.

Sa ganang kay Virgilio, kung tumatanggap man siya ng tulong kay Ben, ay hindi niya iniaasa, na pag-ibig ng kanyang kapatid ang kanyang itutumbas duon. Siya man ay hindi rin nakatitiyak kung may pagmamahal si Flora kay Ben. Buong-buo sa kanyang pasiya, na susulitan niyang lahat kay Ben ang nauutang niya dito, pagsapit ng tag-ani.

——oOo——

Samantala....

Si Ponso na walang kamalay-malay sa pagkamatay ng kanyang asawa at sa mga bagay na nangyayari sa kanyang mga anak, ay walang tigil sa paghahanap ng bagong mapapasukan, na tila naman kusang nagmamaramot sa kanya. Halos nadulugan na niyang lahat ang mga pagawaan at ibang bahay-kalakal, nguni't lagi siyang nabibigo.

Ang mga pagsasakit at pagtitiyaga ni Ponso, ay wala siyang tanging pinag-uukulan kundi si Anita. Simula nang mawalan siya ng trabaho, ay nagsimula na rin ang hindi nila pagkakasundo ni Anita. Kung dumarating siya sa bahay buhat sa paghahanap ng mapapasukan, napupuna niya ang pagiwas ni Anita, sa pakikipagusap sa kanya. At kung siya naman ang unang kumausap sa babae, paangil siyang sinasagot nito.... Wala na siyang nalalasap na mabuting pakikitungo sa kanya ng babaing pinag-ukulan niya ng lahat, at siya ring sanhi ng mga kapaitang dinaranas niya ngayon at nilasap ng kanyang pamilya.

Subali't ang puso ni Ponso ay pinalalaki pa rin ng maling paniniwala at pagmamahal kay Anita. Sa kabila ng sama na ipinakikita ngayon sa kanya ng babaing ito, ay nagtitiis pa rin siya at umaasa na muling manunumbalik sa kanila ang dating tamis ng kanilang pagsasama. Si Ponso'y walang humpay sa paghanap ng bagong mapapasukan. Alam niyang sa gayong paraan lamang maaaring mag-init na muli, ang nanlalamig na pagtingin sa kanya ni Anita.

Sa kabilang dako, ang mga pagwawalang-bahala at masamang pagpapalagay na ipinakikita ni Anita kay Ponso, ay sadyang kinukusa lamang nito. Inaakala niya, na sa gayong paraan ay maaaring abutin na ng panghihinawa ang lalaki, at siya'y tuluyan nang lalayuan nito, na siya niyang ninanais. Ngayong wala nang hanap-buhay si Ponso ay wala na rin itong halaga kay Anita.

Nagkukunwari si Anita, na ang kanyang ipinagkakagayon ay ang madalas na kawalan niya ng salaping mapupuhunan sa paglalaro, subali't lihim pa rin kay Ponso, si Anita'y hindi nawawalan o kinukulang ng salaping isusugal, pagka't ito'y lihim na tinutustusan ni Pete.

Hinihintay ni Anita na siya'y iwanan na ni Ponso, upang siya nama'y mapanibulos na ng pakikisama sa kanyang bagong kalaguyo, na bukod sa masalapi ay bata pa at makisig. Alam niyang may asawa rin si Pete, nguni't ang gayon ay hindi nagiging sagabal kay Anita, pagka't siya'y hirati nang makisama sa gayong uri ng mga lalaki.

—Bakit hinihintay mo pang siya ang lumayas? Bakit hindi mo siya iwanan? —nawika ni Pete, kay Anita.

—Bayaan mo at hindi na tatagal ang ulol na iyon, —pagdadahilang sabi ni Anita. —Mabuti nang siya ang kusang umalis.... sa gayon e wala na tayong aalalahanin.

—E, ano naman ang ikatatakot mo? —usisa ni Pete.

—E, ano ang malay mo? Maaaring paghigantihan tayo, kung siya'y iwan ko, —giit na paliwanag pa rin ni Anita.

—Owww, papano pang maghihiganti iyon? —wika ni Pete, na tila hindi nababalino sa anumang mangyayari. —Lalaki rin naman ako a.

—Ang isang taong nagugulo ang isip ay maraming paraan ng paghihiganting magagawa, darling, —tutol ni Anita. —Katulad mo halimbawa, may asawa ka.... kung sa kalaunan, e matuklasan niya ang asawa mo at isiwalat duon ang ating lihim, di walang ibang mapipinsala kundi tayo; mapipilitan kang humiwalay sa akin. Kung sa bagay, hindi ako natatakot kung malaman man ng asawa mo ang nangyayari sa atin.... Maaasahan mong hindi ako lalayo sa iyo, pagka't minamahal kita.... ikaw ang aking inaalaala.

Nakuro ni Pete ang maliwanag na pagmamatuwid ni Anita. Lalong natiwasay ang kanyang kalooban at nagtibay ang kanyang paniniwala kay Anita, dahil sa huling sinabi nito.

Bagama't ibig ni Pete na masarili niya si Anita, napahinuhod na rin siyang maghintay ng pagkakataon, na si Ponso ang magkusang lumayo sa babae. Siya man ay unti-unti na ring nalalason ng pakunwaring pagmamahal ni Anita. Hindi niya akalaing mabubuhos ang kanyang loob sa babaing ito, na nuong una ay binabalak niyang paglaruan lamang.

—ITUTULOY—


DORY'S
BEAUTY PARLOR
1048 Rizal Avenue
(infront of Scala Theater)
TEL. 07 — Call 4042
DORY ACUNA
*Proprietress*

SPECIAL PRICES

| | |
|---|---|
| POODLE CUT | P3.?0 |
| COLD WAVE | 5.00 |
| MAKE-UP | 5.00 |
| SPIRAL | 5.00 |
| MANICURE | 1.50 |
| TRIM & SET | 1.50 |
| SHAMPOO & SET | 1.50 |

